Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# MAPEH - ARTS

| | |
|---|---|
| **Development & Editorial Team** | |
| **Writers:** | Ronel A. Zacarias |
| **Illustrators:** | Ronel A. Zacarias |
| **Layout Design Editor:** | Dr. Normina B. Hadji Yunnos |
| **Content Editors:** | Pedro D. Gloriani |
| **Management Team:** | Dr. Malcom S. Garma, Regional Director - NCR<br>Loreta B. Torrecampo, CESO V, SDS - SDO Pasay City<br>Dr. Arturo A. Tolentino , OIC ASDS- Pasay City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR<br>Librado F. Torres, CID Chief SDO-Pasay City<br>Dr. Marita D. Aquino, Regional EPS - MAPEH<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS – NCR<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Mr. Pedro D. Gloriani , EPS-MAPEH – SDO Pasay City<br>Dr. Normina B. Hadji Yunnos, EPS-LRMS - SDO Pasay City |

(Pagmamay-ari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)

**Inaasahan**

Demonstrate contrast in a carved or textured area in an artwork.
Produced a compilation of their prints and create a book or calendar which they can give as gifts, sell or display on the walls of their school/house.

**Unang Pagsubok**

**PANUTO:** Lagyan ng tsek(✓) kung tama ang ipinapahayag at ekis(X) naman kung mali ang isinasaad.

____________1. Isagawa ang paglilimbag gamit ang wastong teknik o pamamaraan.
___________ 2. Hayaang nakakalat ang mga kagamitan sa paglilimbag.
____________3. Magpatulong sa guro o sa nakatatandang kapatid kung hindi alam ang gagawin.

**Balik-tanaw**

Anu-ano ang maaring ukitan kapalit ang linoblock, rubber o malambot na kahoy?____________________________________________________________________

**Maikling Pagpapakilala ng Aralin**



Sa araling ito ay naisasalaysay ang mga kwento tungkol kay Bernardo Carpio at naiuugnay ang konsepto ng kwento sa kahalagahan ng politika sa ating bansa at higit sa lahat ay nakasusunod sa panuto at nakapaglilimbag ng larawan gamit ang contrast.

Maraming iba't-ibang pagtalakay sa katauhan ni Bernardo Carpio. May mga kwentong naglalarawaan na siya ay isang higante. May mga kwentong nagsasabi na si Bernardo Carpio ay isang karaniwang tao lamang ngunit siya ay nagtataglay ng pambihirang lakas. Subalit ang lahat ay naglalarawan sa kanya na may mahabang buhok at siya ay may malaki at matipunong pangangatawan.

Ang kwento ng kabayanihan ni Bernardo Carpio ay tungkol sa pagpigil niya sa dalawang bundok na nagbabanggaan. Ginamit niya ang kanyang matipunong pangangatawan upang mailigtas niya ang maraming buhay sa pamayanan ng Montalban. Ayon sa alamat, sa bawat paggalaw ni Bernardo Carpio ay nagkakaroon ng paglindol.

**Gawain**


Ang Mundo ng Pantasya

Mga Kagamitan: Glue Gunting Lapis Brayer Pambura


Itim na tintang pang-imprenta
Oslo paper o putting papel (bond paper)
Yarn o makapal na sinulid o lubid ng abaca
Dalawang makapal na karton na may parehas na sukat 12.7 cm x 20.32 cm
Sabon (paglinis ng kamay)
Lumang plywood (30.48 cm x 30.48 cm)









Hakbang sa Paggawa

1. Ihanda at ayusin ang mga kagamitan sa paglilimbag gamit ang idinikit na sinulid.
2. Iguhit si Bernardo Carpio sa isang piraso ng makapal na karton gamit ang lapis.
3. Lagyan ng glue ang mga linya ng guhit pagkatapos ay dikitan ng lubid, sinulid o yarn. (patuyuin ito)
4. Maghanda para sa paglilimbag ng larawan. Maglagay ng tinta sa lumang plywood. Ikalat ang tinta ng pantay-pantay gamit ang brayer.
5. Pahiran ng tinta ang nilimbag na larawan gamit ang brayer. Siguraduhing pantay-pantay at nalagyan ng tinta ang lahat ng bahagi ng larawang ililimbag.
6. Ilagay ang oslo o putting papel sa ibabaw ng mga tintang may larawan. Ilagay din ang pangalawang piraso ng karton at patungan ng mabigat na bagay.
7. Ilimbag ang larawan sa pamamagitan ng pagdiin ng iyong mga kamay.
8. Ulitin ang paraan sa bilang 6-7 upang makagawa ng ibat ibang edisyon ng nilimbag na larawan.
9. Patuyuin ang mga nilimbag na larawan para sa pagpepresenta sa klase.



**Tandaan:**

- Ang RHYTHM o ritmo ay ginagamit upang magpakita o magparamdam ng paggalaw sa isang likhang-sining
- Ang CONTRAST ay ang pagkakaiba o pagkakasalungat ng kulay, hugis, o linya upang mabigyan emphasis o diin ang mga ito.
  Halimbawa:
  1. Ang natural na bola na may kulay pula ay napaliligiran ng kulay Asul (blue) na bola ay nagpapakita ng contrast.
  2. Ang makakapal na linya sa hanay ng maninipis na linya ay nagpapakita rin ng contrast

**Pag-alam sa Natutuhan**

**PANUTO**: Lagyan ng tsek ( ✓ ) ang patlang kung naisagawa ang mga pamantayan.
_____1.Ang larawan ay nabuo gamit ang teknik o paraang string print.
_____2.Malinaw at nakikitang mabuti ang paksa ng larawan.
_____3.Gumamit ng kaakit-akit, angkop at balanseng kumbinasyon ng mga kulay.
_____4.Maayos at malinis ang pagkakagawa ng string print.

**Pangwakas na Pagsusulit**

1-3. Sa anong mga bagay maaaring ipakita ang pagkakaiba o pagkakasalungat?

4-5. Magbigay ng dalawang paglalarawan sa pisikal na katangian ni Bernardo Carpio.

## Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok**

1. ✓
2. X
3. ✓

**Balik-tanaw**

1. Maaring umukit sa patatas
2. kamote
3. malambot na bagay

**Pag-alam sa Natutuhan**

1.✓
2.✓
3.✓
4.✓
5.✓

**Pangwakas na Pagsusulit**
1. linya
2.hugis
3. kulay
4. malakas/ matipuno
5. mahaba ang buhok

## Sanggunian

Halinang Umawit at Gumuhit, Hazel P. Copiaco, Emilio S. Jacinto Jr., Guide to the Philippines.
https://clipart-library.com
https://San Miguel De Mayumo – WordPress.com (Ang Alamat ni Bernardo Carpio)
https://Pinterest SUPREMHO.deviantart.com